




# PANININDIGAN SA PAGKAKAISA:

## PAGPAPALAKAS SA ATING MGA MAG-AARAL AT PAMILYANG IMIGRANTE




LONG BEACH
UNIFIED • SCHOOL • DISTRICT
*Excellence and Equity*

# ISANG MENSAHE MULA SA SUPERINTENDENT

## PANININDIGAN SA PAGKAKAISA: PAGPAPALAKAS SA ATING MGA MAG-AARAL AT PAMILYANG IMIGRANTE



Minamahal na Pamilya ng Long Beach Unified,

Sa Long Beach Unified, ang **Vision 2035** ang gabay namin sa pagtataguyod ng magandang kinabukasan para sa lahat ng mag-aaral. Ang aming estratehikong plano, ang ***Creating A Better Future Together***, ay nagmumula sa pananaw na ito at sumasalamin sa aming matibay na pangako sa Kahusayan at Pagkakapantay-pantay—tinitiyak na bawat mag-aaral, pamilya, at kawani ay nakakapagpayaman sa aming komunidad, ginagawa itong mas matibay, mas inklusibo, at mas matatag. Ang ating sama-samang lakas ay nasa ating pagkakaiba-iba, at nananatili kaming nakatuon sa pagtiyak na ang bawat miyembro ng ating komunidad ay nakararamdam ng pagpapahalaga, pagtanggap, at suporta.

Malaki ang ginagampanang papel ng mga imigrante sa kasaysayan ng ating distrito at ng estado ng California. Marami sa ating mga mag-aaral at pamilya ang nagdadala ng mga wika, tradisyon, at karanasan na nagpapayaman sa kultura ng ating mga paaralan. Nagbibigay inspirasyon sa atin ang kanilang mga pananaw, nagpapaalala sa atin ng ating layunin ang kanilang hangarin, at nagpapaangat sa ating lahat ang kanilang kontribusyon. Sa Long Beach Unified, nauunawaan natin na kapag pinararangalan at pinangangalagaan natin ang ating mga mag-aaral na imigrante, tumutulong tayo sa mas magandang kinabukasan para sa lahat.

***Ang aming Paninindigan sa Pagkakaisa: Pagpapalakas sa Ating Mga Mag-aaral at Pamilyang Imigrante*** na pagsisikap ay nagpapatibay sa pangakong ito sa pamamagitan ng pagpapalakas ng aming mga hakbang para magtaguyod ng inklusibo, pantay, at tumatanggap na mga kapaligiran. Nagbibigay-daan ang pamamaraang ito sa mga mag-aaral at pamilyang imigrante na makakuha ng mga mapagkukunan, oportunidad, at suporta na kailangan nila para magtagumpay. Nagbibigay kami ng gabay sa akademiko, serbisyo para sa kalusugan ng isip, at suporta sa pamilya para matiyak na may mga kasangkapan para magtagumpay ang bawat mag-aaral.

Sama-sama, bilang isang komunidad, maaari nating buwagin ang mga hadlang at magtayo ng mga tulay na mag-uugnay ng mga kultura, magpapabuti ng pagkatuto, at magbubukas ng maraming pagkakataon. Mahalaga ang gawaing ito sa aming misyon at sa pagtupad sa pangako ng edukasyon para sa bawat mag-aaral ng Long Beach Unified.

Maraming salamat sa pagsama sa amin sa paglikha ng hinaharap kung saan ang bawat mag-aaral ay may pagkakataong mapabilang at magtagumpay.

Sa Pakikipagtulungan,

**Jill A. Baker, Ed.D.**
Superintendent of Schools

# PANININDIGAN SA PAGKAKAISA:

## Pagpapalakas sa Ating Mga Mag-aaral at Pamilyang Imigrante

## PANAWAGAN SA AKSYON

Ang Long Beach Unified School District ay naninindigan sa pagkakaisa kasama ang aming mga mag-aaral at pamilyang imigrante. Nakatuon kami sa pagbibigay ng isang ligtas, sumusuporta, at inklusibong kapaligiran sa pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon.

## LUPON NG EDUKASYON NG LBUSD

**Ang Governing Board** ay nakatuon sa tagumpay ng lahat ng mag-aaral at naniniwala na ang bawat paaralan ay dapat maging isang ligtas at maayos na lugar para sa lahat ng mag-aaral at kanilang mga pamilya, anuman ang kanilang pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon. Mangyaring sumangguni sa aming **Tugon sa Patakaran sa Pagpapatupad ng Imigrasyon**.

## TUGON NG DISTRITO

### Kung Dumating ang U.S. Immigration and Customs Enforcement (I.C.E.) sa Isang Paaralan ng LBUSD:

- **Ang mga empleyado ng LBUSD** ay inuutusan **na huwag magbahagi ng anumang impormasyon** tungkol sa mga mag-aaral, pamilya, o kawani maliban na lang kung bilin ng **Office of General Counsel**.
- **Dapat agad na i-refer ng mga kawani, guro, mag-aaral, at magulang** ang mga ahente ng I.C.E. sa **isang administrador ng paaralan** (o itinalagang tagatugon).

## MAAGAP NA HAKBANG PARA SA MGA PAMILYA

### Gawin ang mga hakbang na ito ngayon para matiyak na handa ang iyong pamilya:

1. **I-update ang Mga Emergency Contact ng Paaralan:** Siguraduhing may nakalistang maraming pinagkakatiwalaang nakatatanda na maaaring sumundo sa iyong anak.
2. **Kumpletuhin ang Plano ng Paghahanda para sa Pamilya:** Itabi sa madaling ma-access na lugar ang mga contact sheet at mahahalagang dokumento.
3. I-save ang Mahahalagang Numero:
   - Opisina ng paaralan ng iyong anak at tagapagbigay ng programa pagkatapos ang klase.
   - Mga pangunahing suportang organisasyon na nakalista sa ibaba.
4. Alamin ang Iyong mga Karapatan: Ang lahat ng tao, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon, ay may mga karapatan sa ilalim ng Konstitusyon ng U.S.
   - Bumisita sa **Immigration Legal Resource Center** para sa mga mapagkukunan.
   - Available ang Red Cards sa lahat ng paaralan sa mga wikang hiniling.
   - Ang mga workshop na 'Alamin ang Iyong mga Karapatan' ay iaalok sa pakikipagtulungan sa mga pinagkakatiwalaang organisyon.

# KUNG MAKULONG ANG ISANG MIYEMBRO NG PAMILYA



## Agad na makipag-ugnayan sa mga mapagkakatiwalaang organisasyong ito para sa legal na payo at suporta:

- ÓRALE | **213-434-7799**
    - **Inaalok ng ÓRALE:** Koneksiyon sa legal na suporta at sa Long Beach Justice Fund (isang pondo at programang legal na nagbibigay ng tulong sa mga mababa ang kita na imigrante at nanganganib ma-deport na nakatira o nagtatrabaho sa Long Beach).
    - Alamin ang Iyong mga Karapatan presentations.
    - Isang mabilisang network ng pagtugon para mag-abiso tungkol sa aktibidad ng ICE sa lugar.
- Legal Aid Foundation | **800-399-4529**
    - Isang nonprofit na law firm na nagbibigay ng libreng legal na serbisyo sa mga nangangailangang indibidwal.

# MAHAHALAGANG KONTAK AT MAPAGKUKUNAN SA DISTRITO



- Kaligtasan sa Paaralan ng LBUSD | **562-997-8101**
- Listahan ng mga Paaralan at Punong-guro ng LBUSD
    - Kung sumasali sa isang after-school program ang iyong mag-aaral, tiyaking madaling ma-access ang inyong Plano ng Paghahanda para sa Pamilya.
- Mga Serbisyo sa Suporta para sa Mag-aaral ng LBUSD | **562-986-6870**
    - Nagbibigay ng mga mapagkukunan at programa para suportahan ang tagumpay ng mga mag-aaral at kanilang pamilya sa akademiko, sosyal, emosyonal, at pag-uugali.
    - Para sa suporta sa Elementarya, bumisita sa Family Resource Centers ng Long Beach Unified.
    - Para sa suporta sa Sekondarya, bumisita sa Wellness Centers ng Long Beach Unified, na nagbibigay ng ligtas na lugar kung saan ang mga mag-aaral at pamilya ay pwedeng maka-access ng libre, kumpidensiyal na serbisyo, kasama rito ang counseling, koneksiyon sa mga mapagkukunan ng komunidad at mga workshop para sa pagpapabuti ng sosyal, emosyonal, at pisikal na kagalingan, at nag-aalok din ito ng mga toiletry, gamit pang-eskuwela, at access sa food pantry.

# MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA MAG-AARAL AT PAMILYA

## Mga organisasyong sumusuporta at nagpapalakas sa mga komunidad ng imigrante:



- LACOE | **562-419-5275**
    - Sumusuporta ang Los Angeles County Office of Education sa mga distrito ng paaralan, mag-aaral, at mga magulang sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at pagtugon sa mga pangangailangan ng paaralan kaugnay ng mga patakaran sa imigrasyon, kabilang ang kahandaan ng pamilya, serbisyong legal, mental na kalusugan, at mga mapagkukunan ng Medi-Cal.
- Long Beach Residents Empowered | **877-262-4751**
    - Isang organisasyong nakatuon sa pagtatanggol at pagpapalakas ng mga karapatan ng mga nangungupahan sa California para sa ligtas, maayos, at abot-kayang pabahay.
- Long Beach Forward | **562-436-4800**
    - Isang nonprofit na organisasyong nakatuon sa pagtatapos ng hindi pagkakapantay-pantay sa lahi at kita.

# MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA MAG-AARAL NA PAPASOK SA KOLEHIYO

## Pinansiyal na tulong para sa mga imigranteng mag-aaral na nag-a-apply sa kolehiyo:

- Tulong Pinansiyal para sa mga Imigranteng Pamilya
  - Pag-unawa sa proseso ng aplikasyon sa kolehiyo at tulong pinansiyal.
- Pinansiyal na Tulong para sa mga Mag-aaral na Walang Dokumento
  - Mga grant at scholarship para sa mga mag-aaral na walang dokumento.
- Aplikasyon ng CA Dream Act
  - Tulong Pinansiyal ng California para sa mga mag-aaral na imigrante na nag-a-apply sa kolehiyo. May mahigpit na patakaran at proseso ang California Student Aid Commission sa seguridad at pagiging kumpidensiyal para maprotektahan ang integridad at pagiging pribado ng mga rekord ng mag-aaral, na hindi kailanman ibinabahagi sa pamahalaang pederal o ginagamit para sa pagpapatupad ng batas sa imigrasyon.
- Pambansang Asosasyon para sa Pangangasiwa ng Mag-aaral
  - Gabay sa pagsagot sa karaniwang mga tanong para sa mga mag-aaral na walang dokumento.
- Pag-unawa sa Panganib ng FAFSA at kung paano makatanggap ng gabay sa pag-a-apply.

# MGA MAPAGKUKUNAN SA IMIGRASYON NG LUNGSOD NG LONG BEACH

## I-access ang karagdagang mapagkukunan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan:

- Mga Mapagkukunan sa Imigrasyon ng Lungsod ng Long Beach
  - Listahan ng mga mapagkukunan mula sa Lungsod ng Long Beach, kabilang ang mga community connector para sa mga imigranteng Pilipino at Cambodian, pati na rin ang karagdagang legal, pangkalusugan, at pang-edukasyong mapagkukunan.
- Mga Kontak at Listahan ng mga Numero ng Telepono
  - Listahan ng mga serbisyo, departamento, halal na opisyal, at mga emergency number sa Lungsod ng Long Beach.

# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN!

I do not wish to speak with you, answer your questions, or sign or hand you any documents based on my 5th Amendment rights under the United States Constitution.
I do not give you permission to enter my home based on my 4th Amendment rights under the United States Constitution unless you have a warrant to enter, signed by a judge or magistrate with my name on it that you slide under the door.
I do not give you permission to search any of my belongings based on my 4th Amendment rights.
I choose to exercise my constitutional rights.
These cards are available to citizens and noncitizens alike.

## RED CARDS

- **Alamin ang Iyong mga Karapatan:** Ang lahat ng tao, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon, ay may mga karapatan sa ilalim ng Konstitusyon ng U.S. Tumutulong sa mga tao ang Red Cards ng Immigrant Legal Resource Center (ILRC) na ipaglaban ang kanilang mga karapatan at ipagtanggol ang kanilang sarili sa iba't ibang sitwasyon, tulad ng kapag may mga ahente ng I.C.E. na pumupunta sa kanilang tahanan.
- Kapag iniimbestigahan ng mga opisyal ng pederal na imigrasyon, **may karapatan kang manatiling tahimik.** Iabot ang **Red Card** sa opisyal at tandaan na hindi mo kailangang sagutin ang anumang tanong.
- **Available na ngayon ang RED CARDS** sa lahat ng Long Beach Unified Schools sa hanggang 16 na iba't ibang wika. Makipag-ugnayan sa opisina ng inyong paaralan para sa partikular na kahilingan sa wika ng Red Cards.
  - May karagdagang **printable na Red Card** ang ILRC na available sa 15 iba't ibang wika.
  - I-click ang **webpage ng ILRC** para sa mga tagubilin kung paano gamitin ang iyong Red Card.

# Mga Halimbawa ng Red Card

## *SPANISH*

**Usted tiene derechos constitucionales:**

• NO ABRA LA PUERTA si un agente de inmigración está tocando la puerta.

• NO CONTESTE NINGUNA PREGUNTA de un agente de inmigración si el trata de hablar con usted. Usted tiene el derecho de mantenerse callado.

• NO FIRME NADA sin antes hablar con un abogado. Usted tiene el derecho de hablar con un abogado.

• Si usted está afuera de su casa, pregunte al agente si es libre para irse y si dice que sí, váyase con tranquilidad.

• ENTREGUE ESTA TARJETA AL AGENTE. Si usted está dentro de su casa, muestre la tarjeta por la ventana o pásela debajo de la puerta

I do not wish to speak with you, answer your questions, or sign or hand you any documents based on my 5th Amendment rights under the United States Constitution.
I do not give you permission to enter my home based on my 4th Amendment rights under the United States Constitution unless you have a warrant to enter, signed by a judge or magistrate with my name on it that you slide under the door.
I do not give you permission to search any of my belongings based on my 4th Amendment rights.
I choose to exercise my constitutional rights.
These cards are available to citizens and noncitizens alike.

## *KHMER*

អ្នកមានសិទ្ធិតាមរដ្ឋធម៌៖
• កុំបើកទ្វារប្រសិនបើអ្នកបម្រើការងារជាតិបានទទួលការចូលមកនៃអ្នកយកចំណែកតាមច្បាប់។
• កុំឆ្លើយសំណួរអ្វីៗពីអ្នកយកចំណែកតាមច្បាប់ប្រសិនបើពួកគេព្យាយាមនិយាយជាមួយអ្នក។ អ្នកមានសិទ្ធិនៅក្នុងការស្ងាត់។ • កុំចុះហត្ថលេខាត្រឹមត្រូវជាមួយកិច្ចសន្យាអ្វីៗទាំងអស់មុនពេលដែលអ្នកនិយាយជាមួយមេធាវី។ អ្នកមានសិទ្ធិក្នុងការជជែកជាមួយមេធាវី។
• ប្រសិនបើអ្នកនៅក្រៅផ្ទះរបស់អ្នក សួរពីអ្នកយកចំណែកថាតើអ្នកអាចចេញទៅបានឬទេ។ ប្រសិនបើពួកគេឆ្លើយថាអ្នកអាចចាកចេញបាន សូមចាកចេញយ៉ាងស្ងប់ស្ងាត់។
• សូមផ្តល់កាតនេះទៅអ្នកយកចំណែក។ ប្រសិនបើអ្នកនៅក្នុងផ្ទះ សូមបង្ហាញកាតនេះតាមប្រអប់កញ្ចក់ឬដាក់វាក្រោមទ្វារ។

I do not wish to speak with you, answer your questions, or sign or hand you any documents based on my 5th Amendment rights under the United States Constitution.
I do not give you permission to enter my home based on my 4th Amendment rights under the United States Constitution unless you have a warrant to enter, signed by a judge or magistrate with my name on it that you slide under the door.
I do not give you permission to search any of my belongings based on my 4th Amendment rights.
I choose to exercise my constitutional rights.
These cards are available to citizens and noncitizens alike.

## *ENGLISH*

**You have constitutional rights:**
**• DO NOT OPEN THE DOOR if an immigration agent is knocking on the door.**
**• DO NOT ANSWER ANY QUESTIONS from an immigration agent if they try to talk to you. You have the right to remain silent.**
**• DO NOT SIGN ANYTHING without first speaking to a lawyer. You have the right to speak with a lawyer.**
**• If you are outside of your home, ask the agent if you are free to leave and if they say yes, leave calmly.**
**• GIVE THIS CARD TO THE AGENT. If you are inside of your home, show the card through the window or slide it under the door.**

I do not wish to speak with you, answer your questions, or sign or hand you any documents based on my 5th Amendment rights under the United States Constitution.
I do not give you permission to enter my home based on my 4th Amendment rights under the United States Constitution unless you have a warrant to enter, signed by a judge or magistrate with my name on it that you slide under the door.
I do not give you permission to search any of my belongings based on my 4th Amendment rights.
I choose to exercise my constitutional rights.
These cards are available to citizens and noncitizens alike.